# Mga Gamit-Yaman

**Ang pabahay ay isang karapatang pantao!**
Heto ang ilan pang mga dagdag na mapagkukuhanan ng impormasyon at tulong na maaaring makatulong sa inyo, sa inyong pamilya, at sa inyong mga kapit-bahay at mapanatili ang pabahay.

**Ang Departamento ng Mga Karapatang Sibil ng California:**
800-884-1684 (tinig) 800-700-2320 (TTY)
California's Relay Service [serbisyong pampamamagitan sa nag-uusap] sa 711
www.calcivilrights.ca.gov

**U.S. Department of Housing and Urban Development (HUD) [paunlad ng pamamahay & lunsod]:** (800) 347-3739 www.hud.gov

**State of California Department of Consumer Affairs [mga usapin pangnamimili]:** (800) 952-5210 www.dca.ca.gov

**CA Mobile Home Ombudsperson [tanog-bayan]:** (800) 952-5275 www.hcd.ca.gov

**Project Sentinel [bantay]:** housing.org

**National Housing Justice [katarungan pampamamahay]:** nhlp.org

**Housing Rights [mga karapatan pampamamahay] Center, Los Angeles:** hrc-la.org

**Legal Aid [pagtulong panglegal] Foundations, Los Angeles:** lawhelpca.org

**Bay Area Legal Aid [pagtulong panglegal]:** baylegal.org

**Fair Housing [makatarungan pamamahay] Orange County:** fairhousingoc.org

**Fair Housing [makatarungan pamamahay] Council of Central California:** fhc-cc.org

**Eden Council for Hope and Opportunity [pag-asa at pagkakataon]:** echofairhousing.org

**Fair Housing [makatarungan pamamahay] Council of Riverside County, Inc:** fairhousing.net

**Fair Housing [makatarungan pamamahay] Council of San Diego:** fhcsd.com

**Fair Housing [makatarungan pamamahay] Napa Valley:** napafairhousing.org

**Fair Housing Advocates [mga tagataguyod ng makatarungan pamamahay] of Northern California:** fairhousingnorcal.org

**Inland Fair Housing and Mediation [makatarungan pamamahay at pamamagitan] Board:** ifhmb.com

CIVIL RIGHTS DEPARTMENT · STATE OF CALIFORNIA



# ALAMIN ANG INYONG PANGUNAHING MGA KARAPATAN PARA SA PATAS NA PABAHAY




# May mga Karapatan Kayo





Ang diskriminasyon sa pabahay ay isang malubha at karaniwang problema Mayroon kayong mga karapatan at proteksyon! Pinoprotektahan sa ilalim ng batas ng California ang mga umuupa at mga may-ari ng bahay mula sa diskriminasyon at harassment batay sa “mga protektadong katangian,” na maaaring kabilang ang inyong:


- Edad
- Lahi, kulay
- Lipi, pinagmulang bansa
- Relihiyon
- Kapansanan, pangkaisipan o pisikal
- Kasarian
- Sexual Orientation
- Pagkakakilanlang Kasarian, Pagpapahayag Pagkakakilanlang
- Genetic na Impormasyon
- Marital status
- Estada sa pamilya (mga pamilya na may anak na mas bata sa edad na 18)
- Pinagmumulan ng Kita
- Katayuan sa imigrasyon
- Pangunahing wika
- Pagkamamamayan
- Militar o katayuan bilang beterano

# 1. Kapantayan









**Mayroon Kayong Karapatan na Pakitunguhan ng Patas**

Ipinagbabawal sa mga batas sa patas na pabahay ang di patas na pakikitungo sa upa, pagpapaayos, mga deposito, at mga fee batay sa inyong mga protektadong katangian. Ang mga hudyat ng diskriminasyon ay kinabibilangan ng mga nagkakaloob ng serbisyo ng pabahay na:

- Nagtatanong lang o ipinagbabawal ang paglapit sa ilang mga partikular na lahi o nasyonalidad, hindi sa iba
- Pahintulutan ang mga dekorasyong pampasko o mga krus sa mga karaniwang lugar, ngunit ipinagbabawal ang mga dekorasyon, mga altar o bagay na karaniwan sa ibang mga relihiyon
- Nagpapaupa lang sa mga tao ng ilang partikular na relihiyon
- Tinatanong kayo o ang inyong mga bisita na iwasan ang pampublikong pagpapakita ng apeksyon dahil kayo ay kabilang sa LGBTQ, o bahagi ng isang magasawa na dipareho and lahi, o sa mga dahilan na may kaugnayan sa iba pang protektadong mga katangian
- Tumanggi na mag-ayos sa inyong tirahan dahil hindi nila gusto ang inyong pinagmulang bansa, sekswalkidad, o kapansanan, o dahil hindi pareho ang salita ninyong wika





Ang ilang mga komento o tanong ay maaaring makapigil sa inyo mula sa pag-a-apply o nagpapahiwatig ng diskriminasyon Kabilang sa mga hudyat ng diskriminasyon ang:

- Mga tanong na nilikha upang mailabas ang inyong mga personal na katangian, tulad ng,

  “Saang bansa ka galing?”, “May plano ka bang magka-anak?” o “Nagsisimba ka ba?”
- Pagsasabi sa inyong hindi ninyo magugustuhan ang lugar, obaka nais ninyo ng ibang gusali kaysa saan kayo nag-a-apply
- Mga komento na may kaugnayan sa mga stereotype ayon sa etnisidad, tulad ng pagsisi sa inyong mga problema sa peste dahil sa pinanggalingan ng inyong pamilya
- Isang unit na dating available ay hindi na ngayon noong bumisita kayo
- Isang gusali ng apartment kung saan ihinihiwalay-hiwalay ang mga iba’t ibang lahi
- Ang mga komento na nagmumungkahi ng pagtatanggi batay sa isang protektadong katangian, tulad ng: “Maaaring hindi ligtas ang isang dalaga dito,” o “Isang gusali ito na para sa mga pamilya; Hindi ako sigurado kung maaangkop ito sa iyong uri ng pamumuhay.”

# 2. Kita




**Kayo ay May Karapatan para sa Patas na Pakikitungo Anuman ang Inyong Pinagkukunan ng Kita**


Ipinagbabawal sa ilalim ng batas ng California mula sa mga nagkakaloob ng serbisyo ng pabahay ang diskriminasyon laban sa inyo batay sa inyong pinagkukunan ng kita. Ang “kita” ay hindi laman matuturing na suweldo. Kabilang sa kita ang mga benepisyo mula sa Social Security, Supplemental Security Income (SSI), mga benepisyo para sa beterano, CalWorks, General Assistance, sustento sa bata, suporta ng lalaki sa kaniyang pamilya, seguro sa kawalan ng trabaho, at pensyon..

Ang mga nagkakaloob ng serbisyo ng pabahay ay hindi maaaring:

- Piliting kumuha ng katibayan ng pagtatrabaho, maramihang taon ng patuloy na trabaho, o pagpapaupa lamang doon sa mga may trabaho
- Tanggihan na umupa, o piliting kumuha ng mas mataas na depositong pera, dahil ang kita ay hindi mula sa suweldo
- Magpahayag ng mas pagkakagusto sa mga propesyonal o nagtatrabaho, o ilang mga uri ng propesyonal tulad ng mga tech o medikal na manggagawa

Kung mayroon kayong Section 8 na voucher, maaari rin mapatupad ang inyong mga karapatan ng HUD o ng iba pang mga ahensya.

# 3. Mga Bata




**May Karapatan Kayo sa Pabahay Kasama ng Inyong Mga Anak**

Hindi maaaring ipagbawal ng nagkakaloob ng serbisyo ng pabahay ang mga bata. (lisensyadong "pabahay sa matatanda" ay ang nag-iisang eksepsyon.) Hindi nila maaaring gawing sobrang maraming limitasyon ang mga **tuntunin** o **pahayag** na pinipigilan ang mga pamilya na magsaya sa lahat ng mga lugar sa ari-arian.


Kabilang sa mga Halimbawa n Iligal na Tuntunin ang:

- "Ang mga bata na nasa mga pampublikong lugar ay dapat mayroong bantay parati"
- "Walang mga bisikleta o skateboarding sa mga pampublikong ugar sa ari-arian"
- "Mga adult lang sa laundry room"
- "Bawal ang maglaro sa paradahan ng sasakyan"

Kabilang sa mga Iligal na Kilos ang:

- Pagsabihan o pagalitan ang inyong mga anak dahil sa paglalaro sa labas
- Pagbibigay sa inyo ng mga babala kapag ang inyong mga anak ay nag-iingay sa araw
- Pag-kompiska ng mga bagay tulad ng mga laruan, bisikleta, skateboard, at scooter
- Ang mga pahayag na nagpipigil sa mga pamilya na lumipat, tulad ng, "Ang gusaling ito ay hindi masyadong angkop para sa mga bata," o "Walang lugar ng laruan dito"
- Pagpapaalis sa tirahan dahil ang inyong anak ay umiiyak sa gabi
- Pagpapaalis sa inyo sa inyong tirahan o paghiling sa inyong lumipat sa mas malaking unit dahil sa inyong pagbubuntis o desisyon na mag-ampon o masiguro ang legal na kustodiya ng isang bata

# 4. Mga Roommate [kasama sa kwarto]





**Kung Mayroon Kayong Kuwarto, May Karapatan Kayo na Magkaroon ng Mga Roommate**

Mga pamantayan sa pamamalagi — pagbibigay ng limitasyon sa dami ng mga tao na maaaring magsama-sama sa tirahan — ay maaaring may diskriminasyon kung ang mga ito hindi makatwiran batay sa laki at layout ng apartamento o pigilan ang mga pamilya na umupa.

Ang bumuo sa isang makatuwirang limitasyon ay depende sa iba't ibang mga konsiderasyon, kasama na ang mga building code, square footage, mga limitasyon sa sewage system, at mga edad ng mga manunuluyan, halimbawa.



# 5. Wika





**Mayroon Kayong Karapatan na Gamitin ang Inyong Pinipiling Wika**

Ang mga nagkakaloob ng serbisyo ng pabahay ay hindi kailangang magkaloob sa inyo ng isang tagasalin-wika, ngunit kailangan na makipag-usap sila sa isang tagasalin-wika kung magkaloob kayo nito, at pahintulutan ang empleyado na nagsasalita ng inyong wika na makipag-usap sa inyo sa nasabing wika.

Ang mga upa na inyong inareglo sa sariling wika ay railangan isalin sa piniling wika.

Ang advertising sa pabahay para lang sa wikang bukod sa Ingles ay nagpapahiwatig ng isang pagkiling sa ilang mga pinagmulang bansa o etnisidad kumpara sa iba, at ay hindi pinapahintulutan.

# 6. Tagaalalay na Hayop




**Mayroon Kayong Karapatan para sa Inyong Assistance Animal**

Ang mga nagkakaloob ng serbisyo ng pabahay ay dapat kayong pahintulutan na mapanatili o kumuha ng assistance animal kung kinakailangan bilang isang makatuwirang akomodasyon para sa pisikal o pangkaisipang kapansanan nang hindi naniningil ng deposito para sa alagang hayop o dagdag na singil sa upa. Ang mga nagkakaloob ng serbisyo ng pabahay ay hindi maaaring magbawal sa pagpapalahi ng alagang hayop o limitasyon sa laki nito, ngunit hindi kailangang aprubahan ang isang kahilingan kung ang hayop ay nagbabanta ng tuwirang panganib sa kalusugan o kaligtasan o magiging sanhi ng malaking pinsala sa ari-arian. Tandaan, ang mga assistance animal ay hindi mga alagang hayop. Maaaring humiling ang mga nagkakaloob ng serbisyo ng pabahay ng isang abiso mula sa tagapagkaloob ng serbisyo sa pangangalaga ng kalusugan upang makumpirma ang inyong pangangailangan, ngunit wala silang karapatan sa anumang karagdagang impormasyon, tulad ng inyong medikal na diagnosis. Mag-ingat sa mga online na certificate para sa mga “emotional support animal” — ang mga ito ay di sapat para maipakitang kailangan ninyo ng alagang hayop upang makatulong sa inyong kapansanan.



# 7. Kapinsanan




**Mayroon Kayong Karapatan na Maka-access ng Pabahay Anuman ang Inyong Kapansanan**

Mayroon kayong karapatan sa isang **interactive na proseso** sa nagkakaloob ng serbisyo ng pabahay sa inyo para makilala ang mga **makatuwirang akomodasyon** na magbabago sa patakaran ng gusali, tuntunin, o pamamalakad para pahihintulutan kayo na gamitin at ma-enjoy ang inyong tirahan. Kabilang sa mga karaniwang makatuwirang akomodasyon ang:

- Pagpaparada ng malapit sa inyong unit hangga’t maaari
- Mga assistance animal
- Mga tagapag-alaga, kasama na ang mga kasamahan sa bahay na tagapag-alaga
- Mga pinansiyal na akomodasyon, tulad ng mga co-signer o espesyal na konsiderasyon kung ang inyong kapansanan ay ang nagiisang sanhi ng inyong mababang kita o hindi magandang kredito

# 7. Kapinsanan




Iligal na tanggihan kayong pahintulutan na baguhin ang inyong tirahan, sa inyong sariling gastusin, para makatuwiran na makatulong sa inyong kapansanan. Mag-ingat sa iba pang mga karaniwang paglalabag tulad ng:

- Pagtatanggi sa upa dahil sa inyong kapansanan, tunay man o palagay lang, haka-haka, o palagay ng isang nagkakaloob ng serbisyo ng pabahay
- Pagpipigil o pagtatanggi sa inyong oportunidad na magpaupa ng isang available na 1st floor na unit dahil sa inyong kahirapan sa pagkilos
- Humihiling ng mas mahal na deposito kung sakali na magasgas ng inyong wheelchair ang mga pader at sahig
- Ang pagtatanggi na basahin sa inyo ang inyong mga papeles sa pabahay sa kabila ng inyong kahinaan ng mata na makakita



# 8. Kalagayan Pang -Immigration




**Mayroon Kayong Karapatan ng Hindi Sabihin ang Inyong Katayuan sa Imigrasyon**

Ang mga nagkakaloob ng serbisyo ng pabahay sa California ay hindi kinakailangan humingi ng ipinalabas sa Estados Unidos na ID, tulad ng driver's license, visa, o numero ng Social Security. (Credit at mga background check ay maaaring isagawa gamit ang pangalan at nakaraang address.) Ang mga nagkakaloob ng serbisyo ng pabahay ay dapat tumanggap ng mga ID na ipinalabas sa ibang bansa, tulad ng mga Consular ID card at mga pasaporte. Hindi nila maaaring tanungin sa mga posibleng uupa kung sila ay legal na namamalagi sa bansa.

# 9. Panggugulo



**Mayroon Kayong Karapatan sa Pabahay ng Walang Harassment**

Ang harassment ay nagdudulot ng paghihiwalay o di kayo nagiging komportable sanhi ng inyong protektadong katayuan Ang mga karaniwang halimbawa ay ang mga may masamang pahiwatig, paninirang puri, at mga pag-aalok ng mas mababang upa bilang kapalit ng mga seksuwal na serbisyo o date. May pananagutan rin ang mga nagkakaloob ng serbisyo ng pabahay sa pag-uugali ng iba pang mga umuupa.

Ang mga pinakahuling halimbawa ng harassment ay kinabibilang ng:

- Pagtawag sa inyo o sa inyong imigranteng pamilya na "iligal"
- Pagtawag sa inyo o sa inyong Muslim na pamilya na "mga terorista"
- May masasamang tanong tungkol sa inyong sex life
- Pagha-harass o pamimilit sa inyo tungkol sa inyong mga paniniwala sa relihiyon
- Pagrereklamo sa amoy ng pagkain ng inyong pamilya o uri ng musika na pinapakinggan ninyo



# Discrimination [pagtatangi nang masama]





Pinoprotektahan sa ilalim ng batas ng California ang mga umuupa at bumibili ng bahay mula sa diskriminasyon at harassment dahil sa lahi, kulay, relihiyon, pinagmulang bansa, lahi, kapansanan, kasarian, gender identity, gender expression, sexual orientation, pinagmumulan ng kita, marital status, familial status, genetic na impormasyon, age, katayuan sa imigrasyon, pangunahing wika, o citizenship. Ang mga katangiang ito ay protektado sa ilalim ng batas mula sa diskriminasyon sa pag-access at pamumuhay sa halos lahat ng uri ng pabahay.

Ang isang tao o entity na nagkokontrol sa inyong pabahay o anumang serbisyo na may kaugnayan sa pabahay ay hindi maaaring gamitin ng may diskriminasyon laban sa inyo. Kabilang dito ang:

- mga may-ari ng ari-arian
- mga manager
- maintenance staff
- real estate brokers at ahente
- mga samahan ng homeowner
- mobile home parks
- lokal na awtoridad o pamahalaan para sa pabahay
- hotel, motel, at vacation rental na may-ari at mga nangangasiwang kompanya nito

# Mga Kapitbahay







Ipinagbabawal rin sa bata ang harassment mula sa inyong mga kapitbahay batay sa isang protektadong katangian, at maaaring bigyang pananagutan ang isang nagbibigay ng serbisyo ng pabahay para sa harassment sa inyong kapit-bahay kung nabigo nitong matugunan ang ganitong uri ng harassment sa sandaling naipaalam ito.



# CRD




Ang misyon ng Departamento ng Mga Karapatang Sibil ay protektahan ang mga tao sa California mula sa labag sa batas na diskriminasyon sa trabaho, pabahay at pampublikong akomodasyon, at mula sa pagsasagawa ng mga kilos ng puot at human trafficking. Kung naniniwala kayo na nakaranas kayo ng diskriminasyon, tumawag, bumisita, o mag-sumite ng reklamo gamit ang complaint form sa CRD online.

Kung may kapansanan kayo na humahadlang sa inyong pagsusumite ng isang nakasulat na pre-complaint form online, sa koreo, o email, matutulungan kayo ng CRD sa pagsusulat sa inyong pre-complaint sa telepono o, para sa mga indibdiuwal na Bingi o may kahirapan sa pandinig o pagsasalita, gamit ang California Relay Service (711), o tumawag sa inyong VRS sa (800) 884-1684 (voice). Para magpa-schedule ng appointment, makipag-ugnayan sa Communication Center sa 800-884-1684 (voice) o sa 800-700-2320 (TTY) o gamit ang email sa contact.center@calcivilrights.ca.gov. Ang CRD ay may pananagutan sa pagbibigay ng access sa aming mga materyal sa isang alternatibong format bilang isang makatuwirang akomodasyon sa mga taong may kapansanan kung hilingin.